

# Pagsusuri ng balat para sa Tuberkulosis (TB)

## Tuberculosis (TB) skin test

### Ano ang Tuberkulosis (TB)?

Ang TB ay isang malubhang sakit na dulot ng isang mikrobyo (bakteryang) na kumakalat sa pamamagitan ng hangin kapag isang tao na may hindi nagamot na sakit na TB sa baga ay umuubo, bumabahing, kumakanta o nagsasalita.

Karaniwang nakakaapekto ang TB sa baga ngunit maaari ring makaapekto sa ibang bahagi ng katawan tulad ng mga glandula, mga buto, mga kasukasuan, mga bato, utak at mga organo ng pampag-anak.

Ang TB ay nalulunasan. Sa British Columbia, ang mga gamot para maiwasan o mapagalang ang TB ay libre sa pamamagitan ng mga Serbisyo sa TB ng Lalawigan at mga pampublikong yunit ng kalusugan. Para sa higit pang impormasyon sa TB, bisitahin ang [HealthLinkBC File #51a Tuberkulosis \(TB\)](#).

### Ano ang pagsusuri ng balat para sa TB?

Maaaring gamitin ang Pagsusuri ng Balat para sa TB (TST) upang hanapin ang impeksyon sa TB. Maaari kang magsagawa ng TST upang makita kung nalantad ka na sa TB. Sinasabi nito sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung "nakita" ng iyong katawan ang bakterya noon. Ang pagsusuri lamang na ito ay hindi makapagsabi kung ang bakterya ay natutulog o gising.

Hindi sinasabi sa iyo ng TST kung mayroon kang sakit na TB. Kung mayroon kang mga sintomas ng sakit na TB, bisitahin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang sa mga sintomas ng sakit na TB sa baga ay ang pag-ubo ng 2 hanggang 3 linggo o mas matagal pa, dumudugong dura, lagnat, pagpapawis sa gabi, kawalan ng gana sa pagkain, hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang, pagkapagod, pananakit ng dibdib at igsi ng paghinga.

### Saan ako makakakuha ng pagsusuri ng balat para sa TB?

Maaaring kailanganin mo ang isang TST para sa iba't ibang dahilan, kabilang ang pagsusuri para sa trabaho, paaralan o pagboboluntaryo. Maaaring kailanganin mo rin ng TST kung nakipag-ugnayan ka sa isang taong hindi nagamot na may sakit na TB sa baga, o mayroon kang ilang partikular na mga kondisyon sa kalusugan o mga gamot na nagpapahina sa iyong sistemang panlaban sa sakit.

Ang impeksyon sa TB ay nangyayari kapag ang mga mikrobyo ng TB ay natutulog (tahimik) sa iyong katawan. Kung mayroon kang impeksyon sa TB, maaari kang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga pinakamahasag na paraan upang maiwasan ang sakit. Maaaring manatiling natutulog ang mikrobyo ng TB sa iyong katawan sa buong buhay mo o maaari itong magising, magsimulang dumami (lumago) at magkasakit ka ng TB. Walang paraan upang malaman kung o kailan ito mangyayari. Ang posibilidad na mangyari ito ay tumataas kapag ang sistemang panlaban sa sakit ng isang tao ay humina. Ito ay dahil ang sistemang panlaban sa sakit ang nagpapanatili sa mga mikrobyo ng TB sa isang estadong natutulog at iniwasan ang mga ito na dumami.

### Paano ginagawa ang pagsusuri ng balat para sa TB?

Ang TST ay isang dalawang bahagi na pagsusuri.

### Unang Tipanan

Ginagamit ng isang propesyonal na pangangalagang pangkalusugan ang isang maliit na karayom para pag-iniksiyon ng isang maliit na halaga ng pagsusuri na sangkap na tinatawag na Tubersol® sa ilalim ng tuktok na suson ng balat sa iyong bisig.

## Ikalawang Tipanan

Dapat kang bumalik sa klinika pagkalipas ng 48 hanggang 72 oras upang ipabasa sa isang propesyonal na pangangalagang pangkalusugan ang iyong pagsusuri. Ang mga taong may impeksyon sa TB ay karaniwang tumutugon nang may tumaas at matatag na reaksyon sa lugar kung saan iniksyunan ang Tubersol®.

Susuriin ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang lugar kung saan ibinigay ang pagsusuri sa balat para sa isang reaksyon. Susukatin nila ang induration (pamamaga sa ilalim ng balat) at sasabihin sa iyo ang iyong mga resulta ng pagsusuri.

## Ano ang ibig sabihin ng mga resulta ng pagsusuri sa balat ng TB?

- Ang negatibong TST ay karaniwang nangangahulugan na wala kang mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Karamihan sa mga tao ay hindi nangangailangan ng karagdagang pagsusuri
- Ang isang positibong TST ay nangangahulugan na maaari kang mayroong mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan
  - Ang isang positibong resulta ng TST ay hindi nangangahulugang hindi ka makakapag-aral, magkapagtrabaho o makapagboluntaryo, ngunit maaaring kailangan mo ng higit pang mga pagsusuri upang matiyak na wala kang sakit na TB
  - Ang isang positibong TST ay nangangahulugan na hindi mo kailangang magkaroon ng isa pang TST sa hinaharap. Panatilihin ang isang talaan ng iyong mga positibong resulta ng TST bilang patunay

Ang mga resulta ng TST, ang iyong dahilan para sa pagsusuri at ang iyong pangkalahatang kalusugan ay maaaring mangahulugan ng karagdagang pagsusuri sa TB tulad ng pagsusuri ng dugo, x-ray ng dibdib o mga sampol ng plema.

Ang x-ray sa dibdib ay isang larawan ng iyong mga baga na sinusuri ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang makita kung ang bakterya ng TB ay lumalaki sa iyong mga baga.

Ang plema (plema sa kailaliman ng iyong mga baga na dulot ng pag-ubo) ay ipinadala sa isang laboratoryo at sinusuri upang makita kung mayroong bakterya ng TB. Para sa higit pang impormasyon sa, bisitahin ang [HealthLinkBC File #51b Pagsusuri ng plema para sa tuberkulosis \(TB\)](#).

## Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng pagsusuri ng balat para sa TB?

Maaari mong asahan ang ilang pamumula sa lugar ng pagsusuri sa balat. Maaaring makati ang lugar, ngunit mahalagang hindi mo ito kamutin, dahil maaaring magdulot ito ng pamumula o pamamaga na maaaring maging mahirap na basahin ang pagsusuri ng balat. Kung ang pangangati ay isang problema, maglagay ng malamig, basang tela sa mukha sa lugar. Huwag takpan ang lugar ng may benda.

Ang isang malakas na reaksyon ay maaaring magdulot ng banayad na pananakit o pamumula na maaaring tumagal ng ilang linggo. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang lagnat, pamamaga sa iyong braso o namamagang lymph nodes sa iyong kilikili.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng iyong TST dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Ang anaphylaxis ay napakabihirang naiulat kasunod ng TST na may Tubersol®. Ang mga reaksyong ito ay maaaring mangyari sa mga taong na walang kasaysayan ng TST. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos kang umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi

inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

### **Sino ang hindi dapat kumuha ng pagsusuri ng balat para sa TB?**

Ang mga taong may:

- Naunang reaksiyong alerhiya o matinding reaksiyon (halimbawa, paltos) sa isang TST o anumang alerhiya sa mga sangkap ng Tubersol®
- Dokumentasyon ng dating positibong resulta ng TST
- Nakaraang Interferon Gamma Release Assay (IGRAs) reactive (pagsusuri ng dugo para sa TB)
- Nakaraang Sakit sa TB o impeksyon sa TB

Kung hindi ka makakuha ng TST, tatanungin ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng mga tanong tungkol sa iyong kalusugan at magpapasya kung sa halip ay kailangan mo ng iba pang pagsusuri sa TB.

### **Saan ako makakakuha ng pagsusuri ng balat para sa TB?**

Depende sa iyong dahilan sa pagkuha ng TST,

maaari mo itong makuha nang libre o maaaring kailanganin mong magbayad kung ito ay para sa paaralan, trabaho o pagboboluntaryo. Ang mga lokasyon ng serbisyo ay nag-iiba sa buong lalawigan. Maaaring makukuha ang mga TST sa iyong pampublikong yunit pangkalusugan, klinikang pangkalusugan sa paglalakbay, parmasya o opisina ng doktor.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na yunit pangkalusugan upang malaman kung saan ka makakakuha ng TST sa iyong lugar. Bisitahin ang [HealthLink BC Find health services](#) upang hanapin ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong lokal na yunit pangkalusugan.

### **Para sa karagdagang impormasyon**

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga klinika sa TB ng Sentro sa Pagkontrol ng Sakit ng BC [BC Center for Disease Control (BCCDC)], bisitahin ang [www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/tuberculosis](http://www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/tuberculosis).



BC Centre for Disease Control  
Provincial Health Services Authority

---

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files](http://www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files) o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca](http://www.HealthLinkBC.ca) o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.